Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 11, 2007, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 090-T'07

## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGPAPALAWIG SA PAGKUHA NG PRANKISA SA TRAYSIKEL HANGGANG HULYO 20, TAONG ITO.

SAPAGKA'T, nakasaad sa Seksyon 11 ng Kautusang Bayan Blg. -01-T'07 na isang buwang palugit ang ilalaan na may multang 35% makalampas ang takdang araw sa pagpapatala ng traysikel mula Pebrero 16 hanggang Marso 30 ng bawat taon;

SAPAGKA'T, isinagawa ang pagpapalawig sa pagkuha ng prankisa ayon sa kahilingan ng mga magtatraysikel bunga ng kakapusan sa kalagayang pinansiyal at hirap ng kabuhayan;

SAPAGKA'T, maraming mga magtatraysikel ang di nakasunod sa konsiderasyong ipinagkaloob ng pamahalaan kaya't muling lumapit ang nasabing sektor upang sila ay pagbigyang makapagpatala at magrenew ng kanilang prankisa sa traysikel;

SAPAGKA'T, ang kahilingang ito ay iniliwat ng Kgg. Punong Bayan para sa pagpapatibay ng sangguniang ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHANG: Palawigin ang pagkuha ng prankisa sa traysikel hanggang Hulyo 20 ng taong ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kuwerpo ng Pulisya at samahan ng mga magtatraysikel, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

alan T. Pamatmat
KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan